# PILIIN ANG SUMUKO KAYSA SA MAGKONTROL

**(Namimili Ako Serye Ika-2 Bahagi)**

**The Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Sis Mikmik R. Flores

Oktubre 11, 2025

Lahat tayo ay nagsusumikap na gawin ang mga bagay-bagay sa sarili nating pamamaraan at oras, itinatabi natin ang Diyos. Ang nagiging problema kapag kinontrol natin, bihira tayong maging tama, samantalang, kung isusuko natin sa Diyos, gagawin Niya ito ng tama.




1. **ANG KAHULUGAN NG PAGSUKO SA DIYOS**

   Ang buod nito ay nasa **Kawikaan 3:5-6**

   1.1. **Ang TIWALA** ay pagpapasa-Diyos ang lahat ng bagay sapagkat Siya ang pinakadakila at may kontrol sa langit at lupa.

   1.2. **ANG PAGSUKO** ay lubos at buong pusong pagtitiwala at pagsuko nang lahat-lahat sa Kanya. Utos ito na huwag alamin o bigyan kahulugan ang lahat.

**Bakit tayo dapat magtiwala at sumuko sa Diyos?** Kung gagawin natin ito, itutumpak ng Diyos ang lahat nating lakad, at magiging maayos ang lahat.

**2. MASAMA ANG MAGKONTROL -** Ang kwento ni Abram at Sarai (Genesis 16)

Tinawag ng Diyos si Abram *(na sa kalaunan ay tinawag na Abraham)* at nangakong bibiyayaan sila ni Sarai, ang baog niyang asawa *(na sa kalauna'y tinawag na Sara)* ng mga anak at apo na kasindami ng mga bituwin sa langit. Gayunpaman, lumipas ang mga taon, walang nangyari. Si Sarai na ang gumawa ng paraan para matupad ang pangako ng Diyos. Kinausap niya si Abram na sumiping sa kanyang alipin na si Hagar at ipinanganak niya si Ismael.

Nakontrol ba ni Sarai ang sitwasyon? Hindi, nang ipinanganak ni Sarai si Isaac, ang relasyon ng magkapatid ay nag-iwan ng marka ng tunggalian na sa hanggang sa ngayon nararamdaman natin - ang digmaan sa pagitan ng mga taga-Filisteo at mga Hudyo. Tunay nga, masama ang mag-kontrol!

**3.MGA KATANUNGAN UPANG MATULUNGAN TAYONG PUMILI KUNG SUSUKO O MAGKONTROL**

**3.1. Sulit ba ang ating pag-aalala?** Tanungin natin ang ating mga sarili kung dapat ba tayong mag-alala, mapagod, o mabigo. Kapag ang sagot ay "Hindi", pakawalan ito!

**3.2. Tayo ba ang dapat magkontrol?** Ang pagsuko sa Diyos ay iba sa pagbitaw ng responsibilidad. Ginagawa natin ang lahat nating makakaya: mag-aral para pumasa sa pagsusulit, maging malaya sa utang, gumabay at makipag-usap nang maayos sa mga batang gumagawa ng hindi tamang desisyon. Kung ang sagot ay "oo", gawin ang nararapat**.**

**3.3. Diyos lamang ba ang dapat may kontrol?** Ito ang mga bagay na Diyos lamang ang may lubos na kapangyarihan at magkontrol gaanuman ang kagustuhan nating makontrol, hindi natin makakaya: natural na sakuna, panahon, mga pangyayari, ang kinabukasan ng ating mga anak. Kung ang sagot ay "oo", isuko ang lahat ng ito sa Diyos (Kawikaan. 3:5-6).

4. **PAANO (MGA PARAAN) SUMUKO SA DIYOS**

   Makapangyarihan ang bersikulo sa Filipos 4:6 mula kay Apostol Pablo, kung paano sumuko sa Diyos. Isinulat ito noong nakakulong siya sa bilangguan - sitwasyong wala siyang kontrol. Sabi nito:

   4.1. "**Huwag kang mabalisa"**- bitawan ang pagkontrol dahil matatakot lamang tayo.

   4.2. "**Sa pamamagitan ng panalangin at petisyon, ipa-abot ang ating mga kahilingan sa Diyos nang may pasasalamat."** – Humingi ng tulong sa Diyos nang may pasasalamat, sa pang-unawa na kung sino Siya at kung ano ang kaya Niyang gawin (Fil. 4:7).

**Konklusyon:**

Ang hindi magandang katotohanan tungkol sa pagkontrol ay kung kailan natin kinokontrol, mas higit ang nararamdaman nating takot na hindi natin kayang makontrol. Dagdag pa nito, sa tuwing natatakot tayong mawalan ng kontrol, higit ang pagnanais nating magkontrol. Nagreresulta ito ng paikot-ikot na takot. Samakatuwid, ang landas ng kalayaan at kapayapaan ay ang **hindi pagkontrol at dapat sumuko sa Diyos.**

**Pagninilay:**

Sa anong bahagi ng iyong buhay ang sinubukan mong kontrolin? Ito ba ay sulit? Ikaw ba ang dapat mag-kontrol, o Diyos lamang?

**SCRIBES Ministry**

Isinalin ni: Thess Sarmiento

Na-Edit ni: Nida A. Cruz

https://lordsflock.org/teachings/digests

Tags: #BitawanmoatHayaan angDiyos; #MagtiwalaatSumuko